Ang Ishikki Night High School ay nagbibigay ng iba't-ibang mga pagkakataon upang makipagkilala sa mga tao, at tumuklas ng mga bagong bagay sa paglaki nila. Maraming estudyante sa paraalang ito ay nag tra-trabaho muna bago sila pumunta sa eskuwelahan. Bandang alas-5 ng hapon, kumakain ang mga mag-aaral at guro ng hapunan nang sabay sa canteen ng paaralan. Ang mga estudyante ay may ST sa 5:45 sa kanilang mga classroom. Ang unang klase ay nagsisimula mula 5:50. Ang bawat klase ay may 45 minuto. Ang mga guro ay madalas na gumagamit ng mga slideshow at tablets upang matulungan ang mga estudyante na maunawaan ang turo. Ang mga mag-aaral ay maaaring matuto nang dahan-dahan mula sa mga pangunahing kaalaman papunta sa advanced level.

Mayroon kaming iba't ibang lahi nang estudyante mula sa iba't ibang bansa. Sila ay galing mula sa Philippines, Brazil, Vietnam, Indonesia, Peru, Arhentina, Bolivia, Nepal, at China. Sa oras nang kainan, marami kaming naririnig na iba't ibang mga uri nang wika. Sa loob nang klase, may mga salitang furigana sa taas sa bawat kanji na nagagamit. Ang guro ay gumagamit ng plain japanese para sa mga mag-aaral upang matulungan silang maunawaan nang mas madali. inaasahan naming matuto ang mga estudyante sa pagsasaalang-alang sa iba, igalang ang isa't isa, at lumaki nang sama-sama sa pamamagitan ng pagbabahagi ng iba't ibang mga wika at kultura

Ang mga 1st year ay may school excursion sa May. Sa June, maraming mag-aaral ang nagsasagawa ng pag-aaral bago at pagkatapos ng klase para sa darating na exam. Mayroon din kaming sports tournament sa June, Sports Festival sa September, Night Festa (Cultural Festival) sa October at farewell party sa February. Sa bawat event, ang mga mag aaral ay may kani-kaniyang gawain sa sa kanilang parte. Sila din ay magbibigay ng mga ideya at makipagtulungan sa bawat isa.

Mayroon din kaming mga club activities (*bukatsu*). Pista at Parangalan, Mayroon kaming Badminton, Judo, Basketball, Calligraphy, Table tennis, Volunteer at Multicultural activites. Ang mga mag-aaral ay makakapunta sa kanilang sinalihang club pagkatapos ng klase.

Ang ilang mga estudyante ay nagtapos sa three-year study sa *tsushinsei* (correspondence high school). Ang mga mag-aaral ay mayroon din mga pagkakataong mag-isip tungkol sa kanilang sarili at sa kanilang hinaharap sa pamamagitan ng *Sogo* class (integrated class) sa buong apat na taon.

Ang Isshiki Night High School ay sumusuporta sa mga estudyante sa patuloy na batayan sa loob nang apat na taon para sa kanila, na mag-isip nang maigi sa kanilang sarili, matuto nang Mabuti, at makamit ang kanilang maliwanag na kinabukasan pagkatapos ng graduation.